



Mga Community Hub*

MGA PAGBABAGO SA MGA SERBISYO DAHIL SA COVID-19

Ang suporta para sa mga Community Hub* ay patuloy na makukuha ng mga kliyente sa panahon ng pagsiklab ng COVID-19. Gayunman, ang paraan ng paghahatid ng mga serbisyo ay maaaring magbago alinsunod sa opisyal na payo sa kalusugan.

Sa karamihan ng mga lokasyon ng Hub, nabawasan ang harap-harapang kontak. Ang mga Lider ng Hub ay patuloy na nakikipag-ugnay sa indibidwal na mga kliyente sa pamamagitan ng telepono. Ang mga sesyong pang-grupo ay gagawing online, na titiyak na ang komunidad ay mananatiling konektado sa mga lider ng Hub, maging sa isa't isa at patuloy na lalahok sa mahahalagang aktibidad tulad ng mga klase sa pakikipag-usap sa Ingles.

Alamin ang tungkol sa [COVID-19 at mga sintomas nito](#).

Ano ang mga Community Hub*?

Ang mga Community Hub (na tinatawag ding National Community Hubs Program) (*) ay mga lugar kung saan mainit na tinatanggap ang mga pamilyang migrante at refugee, lalo na ang mga ina na may maliliit na anak.

Ang mga Community Hub* ay nasa mga paaralang primarya at tumutulong sa mga tao na matuto ng Ingles, magkaroon ng mga bagong kasanayan, makahanap ng trabaho at nagbibigay ng tulong sa pag-access ng mga serbisyong suporta ng Pamahalaan.

Saan matatagpuan ang mga Community Hub*?

- NSW: Parramatta, Blacktown, Canterbury Bankstown, Fairfield, Cumberland, Wollongong, Liverpool
- VIC: Brimbank, Dandenong, Hume, Banyule, Geelong, Shepparton
- QLD: Logan, Ipswich
- SA: Port Adelaide – Enfield, Salisbury

Ang listahan ng mga paaralang primarya na may mga Community Hub* at mga detalye ng kontak ay matatagpuan [dito](#).

Ano ang mga serbisyong ibinibigay ng mga Community Hub*?

Ang mga serbisyong ibinibigay ay iba-iba bawat Community Hub*, upang matiyak na natutugunan nila ang mga pangangailangan ng kanilang lokal na komunidad. Ang mga halimbawa ng mga uri ng aktibidad ay ang sumusunod:

- Mga playgroup at mga programa para sa mga unang taon ng bata
- Mga klase sa Ingles at mga programa sa pakikipag-usap
- Mga workshop sa malusog na pamumuhay at iba pang mga kasanayan sa buhay at mga grupo
- Pakikipag-ugnayan ng magulang at mga programa sa paglililang ng kakayahan
- Mga programang pambata sa wika at kakayahanang bumasa, magsulat, at magbilang

- Mga oportunidad sa pagboboluntaryo at suporta sa pagtatrabaho
- Pormal na pagsasanay sa bokasyon sa pakikipagtulungan sa mga TAFE at rehistradong mga organisasyon ng pagsasanay
- Impormal na mga workshop sa paglilinig ng mga kasanayan
- Mga grupo ng natatanging interes at pakikisalamuha
- Mga field trip at panggrupong ekskursiyon
- Mga pagsangguni sa iba pang mga programa na makakatulong sa mga isyu

Karapat-dapat ba akong makatanggap ng mga serbisyo?

Lahat ng migrante ay mainit na tinatanggap sa mga Community Hub*. Pinagtutuunan ng pansin ang mga migranteng ina na may mga anak.

Paano ako makakakuha ng iba pang kaalaman tungkol sa mga serbisyo ng mga Community Hub*?

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon bisitahin ang website ng [Mga Community Hub*](#) o tumawag sa 03 8614 3430.